

PANUKALA 204a

Resolusyon sa Pagkondena ng Rasismo at Xenophobia Laban sa mga API sa Gitna ng Pandemya ng COVID-19 at sa Hinaharap

Kung saan higit dalawang milyong mga API sa U.S. at Canada ang nagtatrabaho sa mga industriya ng pangangalagang pangkalusugan, transportasyon, at serbisyo, at karamihan ay mga frontliner sa pandemya ng COVID-19;

Kung saan sinusubukang mabuhay ng mga manggagawang API sa pandaigdigang pandemya habang nagtatrabaho nang walang maayos na personal protective equipment, at nakakaranas ng rasismo, diskriminasyon at xenophobia;

Kung saan gumamit ang mga kandidato at naihalal na opisyal ng retorika sa kanilang mga pampublikong pahayag tungkol sa pandemya ng coronavirus na nagpapatuloy ng makasaysayang diskriminasyon laban sa mga API na nagreresulta sa nakakabahala at dumaraming kaso ng mga pag-atake habang kumakalat ang COVID-19;

Kung saan ang mga uring manggagawang imigrante at community of color ay madalas pagbuntunan ng sisi sa gitna ng mga pampublikong krisis sa kalusugan o tuwing digmaan;

Kung ang virus ay walang kinikilala batay sa uri ng trabaho, lahi, o katayuan sa imigrasyon;

Kung saan kailangan ng mga pasyente ng mga pantakip sa mukha, test, ventilator, kama sa ospital, at kailangan ng mga manggagawa sa frontline ng proteksyon para sa kaligtasan sa lugar ng trabaho, hazard pay, may bayad na sick leave, pangangalagang pangkalusugan anuman ang laki o industriya ng employer;

Kung saan hindi na kailangan pa ng mga komunidad ng mga corporate bailout kung ang mga pinakamahihirap nating populasyon, kabilang ang maraming imigrante, ay hindi kabilang sa mga relief program ng pamahalaan; at

Kung saan responsibilidad ng Unyon na tuligsain ang anumang anyo ng rasismo at xenophobia, kilalanin ang ambag ng mga manggagawang API sa ating komunidad, at ipakita kung paano maaaring makiisa ang mga kakampi sa gitna ng pandemya ng COVID-19 at sa hinaharap; ngayon, samakatuwid

Napagpasyahan na, ang Service Employees International Union (SEIU) ay:

1. tumutuligsa at kumokondena sa anumang anyo ng rasismo at pandiskrimina;
2. nagtatanyag at kumikilala sa magiging na pagsisikap ng mga miyembro ng API sa paglaban sa pandemyang ito sa frontline;

3. sumusubaybay sa mga insidente at kaso ng mga anti-Asian na pag-atake, at nagpapanagot sa kasalukuyang administrasyon, mga naihalal na opisyal at lahat ng kandidato kasama ang kanilang mga kakampi, sa kanilang retorikang may rasismo;
4. nakikipagtulungan sa mga pinuno ng unyon, kandidato, naihalal, at kakampi na isama sa lahat ng mga pagkakataon na tuligsain ang mga anti-Asian na pag-atake sa ating mga komunidad sa gitna ng pandemya at sa hinaharap;
5. nagbibigay ng mga sanggunian upang makatulong sa pag-iwas ng pagkalat ng maling impormasyon;
6. bubuo ng estratehiya sa buong unyon kung saan kasama ang pagkolekta at pagsubaybay sa data sa mga API na miyembro ng SEIU upang lalong mabigyan ng batayan ang mga kinkailangang aksyon upang labanan ang mga dumaraming pag-atake sa komunidad ng API; at
7. bubuo ng isang pambansang pamamaraan upang magmobilisa ng mga botante sa mga miyembro ng API sa SEIU na paramihin ang mga turnout ng botante sa mga pangunahing estado upang mapalitan ang kasalukuyang pangulo at ilang mga opisyal na nanggagatong ng mga mapopoot na saloobin sa pamamagitan ng paggamit sa COVID-19 bilang dahilan sa rasismo.